



Pahayag galing kay Cardinal Thomas Collins tungkol sa pagpatay dahil sa awa (euthanasia) at pagpapakamatay nang may tulong (assisted suicide)

“Hindi ako magbibigay ng nakamamatay na gamot kahit na ito’y hingin pa sa akin, at hindi ko rin papayuhan ang sinuman na gumamit nito...” - Ang Panunumpang Hippokratiko

“Huwag kang papatay.” - Exodo 20:13

“Pinag-iisipan mo bang magpakamatay? Tutulungan ka namin!” Mayroong patalastas noon para sa isang *crisis line* (o serbisyong pantelepono), kung saan mayroong mag-aabang sa kabilang linya upang magbigay ng payo sa iyto at iparamdam sa iyo na hindi ka dapat mawalan ng pag-asa sa gitna ng iyong matinding pagdurusa. Iba na ang panahon ngayon. Sa mga darating na buwan, ang *assisted suicide* (o ang pagpapakamatay nang may tulong), na kung saan ikinukubli sa mga mapalinlang na salita gaya ng “Tulong-Medikal sa Kamatayan” ang kanyang malagim na katotohanan, ay ihahayag bilang katanggap-tanggap na karapatan sa ating bansa, sa pamamagitan ng pagsasabatas nito. Habang pinaghahadaan ng pamahalaang pederal ang mga kakailanganing batas upang maipatupad ang hatol ng Korte Suprema, dapat isangalang-alang nang mabuti ang maidudulot nitong malaking pagbabago sa ating mga batas.

Ang kamatayan ay dumarating sa ating lahat. Kung minsan ay biglaan, at kung minsan ay mabagal. Bagama’t nakikinabang ang mga pasyente sa mga gamot na nakapipigil ng sakit at hapdi, nararapat lamang sa kanila na tumanggi sa napakalabis at nakaaabalang paggamot na nagpapatagal lamang sa pagdating ng kamatayan na tiyak din namang mangyayari. Ngunit, sa madaling salita, ang tiyak na pagkamatay ay hindi katulad ng mapatay. Nagpapasalamat tayo sa mga doktor at nars at sa iba pang tao na nagbibigay ng tulong medikal sa mga taong mamamatay na, ngunit hindi tama na sila ay pumatay ng isang pasyente.

‘Di malaon, ang mga doktor sa lahat ng panig ng ating bansa, silang mga nag-alay ng kanilang buhay upang gamutin ang mga pasyente, ay pakikiusapan na gawin ang kabaligtaran. Hindi na sila pakikiusapan na pagaanin ang kanilang paghihirap sa pamamagitan ng paggamot at pag-aaruga, bagkus ay pakikiusapan sila na sila’y patayin na lamang. Sa katunayan, hindi na magiging krimen ang pagpatay ng pasyente, ngunit ituturing pa itong isang uri ng pangangalaga sa kanilang kalusugan. At ito ay paninindigan at pangangasiwaan pa ng mga bagong batas.

Noong ikadalawampu’t lima ng Pebrero, taong dalawang libo at labing-anim (Peb. 25, 2016), iniharap ng isang kumiteng pamparliyamento ang mga mambabatas na lilikha nitong nakababahalang lehislasyon na may dalawampu’t isang (21) mga mungkahi. Ang mga mungkahing ito ay tiyak na gigimbal sa atin lalo na kung patuloy nating aakalain na ang mga pagbabago sa ating mga batas ay para lamang sa mga taong may matinding karamdaman, may mahaba nang buhay, at nasa bingit ng kamatayan. Ngunit ito ay isang tamad at maling akala. Sa katunayan, kabilang sa mga imumungkahi ang mga sumusunod:

- Ang pagpapahintulot sa mga menor de edad (na may gulang labingwalong taon pababa) na gamitin ang *euthanasia/assisted suicide*, simula sa susunod na tatlong taon.
- Ang kakayahan ng mga taong may mga karamdaman gaya ng dementia na itakda nang maaga ang petsa ng kanilang kamatayan.
- Ang pagpilit na ibilang sa mga maaring gumamit ng *euthanasia* ang mga taong may sikiyatrikong kondisyon (o may sakit sa pag-iisip).
- Ang atas na lahat ng mga institusyong tumatanggap ng pampublikong pondo, pati na rin ang mga Katolikong ospital, medikal na pasilidad at ospisyo, ay magbigay ng *euthanasia/assisted suicide* sa kanilang mga pasyente, at sa gayon ay pipilitin silang itakwil ang kanilang mga prinsipyo na pundasyon ng kanilang malawak na paglilingkod sa ating lahat.
- Ang atas na, kung ayaw ng mga doktor na patayin ang kanilang pasyente, ay kailangan pa rin nilang tiyakin na may ibang taong gagawa nito. Wala nang iba pang bansa sa buong mundo kundi sa atin ang nagbigay ng ganitong sapilitang paglabag sa konsyensya o budhi ng isang tao.

Hindi makatarungan na labagin ng mga tao ang kanilang konsyensya para lamang sila’y makapagpatuloy sa kanilang propesyon bilang doktor o, sa kaso ng mga medikal na pasilidad, para lamang magkaroon ng karapatang tumanggap ng pondo mula sa gobyerno. Hindi nito ginagalang ang pagkakaiba-iba ng mga relihiyon. Ito ay isang pag-uusig sa relihiyon na pinarurusahan ang lahat ng mga taong naglilingkod sa kahit na sinong humihingi ng kanilang tulong, at patuloy na ginagawa ito bago pa man nabuo ang Canada, ngunit hindi kayang gawin ang ilang mga bagay na labag sa kanilang konsyensya, gaya ng pagpatay ng kanilang pasyente.

Kapag lumalabis ang estado sa kanyang lehitimo ngunit limitadong tungkulin, at kinakailangan pang sugpuin ang karapatan sa konsyensya sa ganitong paraan, naalala ko ang isang taong inutusan ng kanyang amo na gawin ang isang bagay na labag sa kanyang pag-uusig. Mapangahas niyang isinagot: “pinasasahod mo lang ako; hindi mo ako pag-aari.”

Ang tulong para sa mga taong nasa bingit ng kamatayan, sa pamamagitan ng tulong na pampagaan (*palliative care*), ay maaring gamitin ng tatlung porsyento lamang ng mga taga-Canada. Ito ay isang hindi katanggap-tanggap na trahedyang. Sa halip na magbigay ng mga paraan upang mapadali ang kamatayan, dapat ay huwag nating ipagdamot ang mga tulong na pampagaan sa bawat taga-Canada, dapat ay itaguyod natin ang mga may karamdaman sa pag-iisip, at dapat nating tulungan ang mga natutuksong magpakamatay.

May mga taong naniniwala na, sa isang banda, wala nang kahit na anong halaga ang kanilang buhay dahil lamang sa hindi na sila nakakikilos gaya ng nagagawa nila noon. Ang kanilang pag-aalala ay nararapat lamang tumanggap ng ating mapagkalingang paggalang, ngunit ito ay isang di-matatag na sandigan ng ating panlipunang patakaran. Nanggagaling ang ating halaga bilang tao hindi sa kung ano ang nagagawa atin, kundi sa kung ano tayo. Ito ay nanggagaling sa ating kalooban, sa ating likas na dangal bilang tao. Kapag ginawa nating batayan sa karapatang mabuhay ang kalusugan ng isang tao at ang kanyang kakayahang kumilos, tumawid na ang ating lipunan sa hangganan ng isang mapanganib na lupain, kung saan itinuturing na isang bagay lamang ang isang tao na madaling itapon kapag ito ay nawawalan na ng silbi.

Habang ating isinasangalang-alang ang likas na dangal ng bawat tao, panahon na upang ang bawat pamilya sa buong bansa ay magkaroon ng mabigat ngunit kinakailangang pagtalakay tungkol sa katotohanan ng kamatayan. Kailangan nating unawain ang mga mapanirang bunga ng mga pagbabago sa ating bansa, at kailangan nating maghain ng ibang mga mapagpipilian na tunay na mapagmahal at mahabagin. At dapat magabayan ang mga Kristiyano ng mga salitang winika ni Hesus na, sa nakalipas na dalawang libong taon, pumukaw sa mga tao upang magiting na kumilos para maglingkod nang may pagmamahal: “nang gawin ninyo ito sa isa sa mga alagad ko, siya man ang pinakahamak, ako ang inyong tinulungan” (Mateo 25:40).

† Thomas Card. Collins

Thomas Cardinal Collins
Arsobispo ng Toronto
Marso 1, 2016

Sabihin sa mga Mambabatas ang Inyong Saloobin

Ang sinumang nababahala sa pagsasabatas na ito ay hinihikayat na bumisita sa **CanadiansforConscience.ca** at sumali sa Coalition for HealthCARE and Conscience. Ang koalisyon ay binubuo ng maraming katuwang, kasama ng limang libong (5,000) doktor na Canadian, at binuo upang imulat at hikayating makibahagi sa ating pag-aalala.

Maari ninyong gamitin ang website na ito upang lumiham sumulat nang direkta sa inyong Miyembro ng Parliyamanto, at magalang na maipahayag ang inyong mga pag-aalala. Kung maari ay himukin ninyo ang inyong hinalal na mambabatas na 1) ipagtanggol ang mahihina, at 2) tiyaking makatatanggap ang mga indibidwal at mga institusyon ng sapat na tulong medikal/tulong pangkalusugan nang hindi isinasangkalan ang kanilang mga paninindigang moral.